

## Pagsusubaybay sa Pagpapanatili ng Kalusugan

Ang dokumentong ito ay nagsisilbing mapagkukunan para sa mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan, kalahok, tagapag-alaga, at/o pamilya upang maunawaan ang mga modalidad, kwalipikasyon, at kundisyon na kinakailangan upang maging tagapagbigay ng Health Maintenance Monitoring (HMM).

Kasama sa HMM ang pagsubaybay sa personal na kalusugan at pagkolekta ng medikal na datos upang mapabuti ang pamamahala, pangangalaga, at suporta para sa mga malalang medikal na kundisyon. Ang serbisyong ito ay inihahatid sa pamamagitan ng elektronikong mga teknolohiya sa komunikasyon na malayuang sumusubaybay sa mahahalagang tanda, biometrics, o personal na datos ng isang kalahok. Ang mga kalahok na tumatanggap ng HMM ay dapat nasa ilalim ng pangangasiwa ng doktor na namamahala sa paggamot, Physician's Assistant (PA), o Advanced Practice Registered Nurse (APRN).

### Mga kalahok

Ang mga kalahok na nakatala sa HMM ay dapat:

- A. Mayroong isa o higit pang malalang kundisyon (tulad ng hypertension o diyabetis);
- B. Magkaroon ng panganib para sa pagkasira ng kalusugan o mga komplikasyon;
- C. Pagbibigay ng pahintulot sa pakikilahok at pag-unawa sa layunin ng pagsubaybay; at
- D. Maging handang sumunod sa iskedyul ng pagsubaybay at tumugon sa pagsubaybay ng tagapagbigay.

### Paano Ito Gumagana

- A. Ang kalahok at/o ang kanilang tagapag-alaga, at ang manggagamot o propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan na nagtatakda ng reseta, ay humihiling ng HMM.
- B. Ang Koordinator ng Serbisyo o (SC) ay nagbibigay ng listahan ng mga tagapagbigay na nakalista sa Medicaid o nagbibigay ng impormasyon kung paano magparehistro bilang isang tagapagbigay ng Medicaid.
- C. Ang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay lumilikha ng isang account sa napiling tagapagbigay ng Medicaid upang makatanggap ng impormasyon sa datos ng kalahok.
- D. Gagamit ang kalahok ng mga kagamitan tulad ng BP monitor, glucometer, o nasusuot para kuhanin ang sariling datos pangkalusugan.
- E. Ang datos ay ipinapadala sa propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng ligtas na koneksyon.
- F. Sinusuri ng tagapagbigay ang data upang masuri ang kalagayan ng pasyente, gumawa ng mga kinakailangang pagsasaayos sa mga plano sa paggamot, at magbigay ng ulat sa kalahok at/o sa kanilang tagapag-alaga.

Makipag-ugnayan sa SC mo para sa karagdagang impormasyon.